



Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
 REGION X - NORTHERN MINDANAO  
 DIVISION OF MALAYBALAY CITY

DM 2021-4-231  
 DEPED MALAYBALAY CITY DIVISION  
 RELEASED  
 APR: 30 2021 TIME: 10:16  
 BY: \_\_\_\_\_

**MEMORANDUM PANSANGAY**

Blg.. 281 , s.2021

**PARA SA :** Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan  
 Hepe ng Edukasyon Superbisor CID, SGOD at Kawani  
 Punong guro ng mga Elementarya at Sekondarya  
 Pampridadong Paaralan Elementarya at Sekondarya  
 Sangay ng Lungsod Malaybalay

**MULA KAY :** VICTORIA V. GAZO, PhD., CESO V  
 Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PETSA :** April 29, 2021

**PAKSA:** DANGAL NG WIKA 2021

1. Kalakip nito ay ang komunikasyon hinggil sa Dangal ng Wikang Filipino na nagpakilala sa mga indibidwal , samahan, tanggapan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sector na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong , pagpapalaganap, pagpapayabong at preserbasyon ng wikang Filipino.
2. Nakalakip din ang kabuuang tuntunin at sa Mayo 30, 2021 ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon na nakasaad na adres.
3. Para sa karagdagang impormasyon, makipag -ugnayan sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.
4. Ang malawakan at madaliang pagpapalaganap sa komunikasyon ay hinahangad.

Copy furnished: CID - Learning Resources Management Section  
 TO BE POSTED IN THE WEBSITE



Address: Sayre Hi-way, Purok 6, Casisang, Malaybalay City  
 Telefax No.: 088-314-0094; Telephone No.: 088-813-1246  
 Email Address: [malaybalay.city@deped.gov.ph](mailto:malaybalay.city@deped.gov.ph)

## **DANGAL NG WIKA 2021, Bukás na para sa nominasyon!**

Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

1. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.
2. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.
3. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).
4. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulá sa labas ng KWF.
5. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: <http://www.kwf.gov.ph/awards/awards-wikang-filipino>; (1) **KWF Form** (kung ikaw ay institusyon); (2) **Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina**; (3) **Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán)**; at (4) **Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa**.
6. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 6 at ipadalá sa:

**Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2021**  
**Komisyon sa Wikang Filipino**  
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**  
**San Miguel, Maynila**

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa **30 HUNYO 2021, 5nh**.
9. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pamadayaaw: Araw ng Gawad sa Agosto 2021.
10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa [timpalak.gawad@kwf.gov.ph](mailto:timpalak.gawad@kwf.gov.ph).